

---

19.5.2020

## Mga Panuntunan sa Pagbalik sa Paaralan ng CCPS Kaugnay ng nobelang coronavirus-19

### Mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan ng paaralan

- Ipinayo ng Australian Health Protection Principal Committee (AHPPC) na hindi angkop o praktikal ang “patakaran sa density ng lugar” na hindi lalampas sa isang tao kada apat na metro kuwadrado sa mga silid-aralan o pasilyo, o ang magpanatili ng 1.5 metrong layo sa pagitan ng mga mag-aaral sa mga aktibidad sa silid-aralan. Kung gayon, hindi na kailangan sa mga paaralan ang nakaraang itinakdang ratio na 10 mag-aaral kada klase.
- Para suportahan ang lahat ng kawani ng paaralan sa paghahanda para sa pagbabagong-kalagayan, **walang mag-aaral sa araw ng Lunes, Mayo 25 2020**. Gagamitin ng mga mag-aaral ang araw na ito para tiyakin na susundin ang payong pangkalusugan sa kanilang paaralan, muling itatakda ang mga gawain sa paaralan, itatakda ang paraan para masuri ang pag-unlad ng pagkatuto ng mag-aaral sa panahon ng remote at flexible na pagkatuto, at tukuyin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng agarang suporta sa kalusugan at kabutihan.
- Pinapahalagahan namin ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga mag-aaral para makabalik sa normal na gawain, kinikilala ang sitwasyon, nagbibigay ng impormasyon tungkol sa nangyayari na angkop para sa pag-unlad, pati na rin ang pagbibigay ng ligtas na espasyo kung saan maaaring ipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga alalahanin at nararamdaman.

Inaasahan na papasok sa paaralan ang lahat ng mag-aaral sa mga antas na babalik sa on-site na pag-aaral. Hindi inaasahan ang mga paaralan na magbigay ng remote na pagkatuto sa mga magulang na piniling manatili sa bahay ang kanilang mga mag-aaral, maliban kung nakabatay ito sa payong medikal. Makipag-ugnayan sa iyong Katuwang na Punongguro ng Sub-school kung ganito ang kaso.

Pundasyon - Baitang 2: Anne McDonald  
Baitang 3 hanggang Baitang 6: Mick Sweeney  
Kabutihan: Kerry Bates

## Iba pang hakbang para sa kalusugan at kaligtasan

- Puwedeng gamitin ang kagamitan sa palaruan. Gayunpaman, magsasagawa ng paglilinis ng kamay ang mga mag-aaral bago at pagkatapos itong gamitin. Pupunasan ang mga palaruan pagkatapos ng recess at tanghalian gamit ang disinfectant na may pamantayang pang-ospital bilang bahagi ng pinaigting na programa sa paglilinis.
- Kung gumamit ng kagamitang ginagamit ng marami, ipapatupad ang matinding paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos itong gamitin.
- Hihilingin sa mga mag-aaral na magdala ng sarili nilang bote ng tubig para gamitin sa paaralan dahil hindi direktang makakainom ang mga mag-aaral sa mga gripong inuman.
- Mananatili ang *Patakaran sa Paggamit ng mga Mag-aaral ng DET ng mga Mobile Phone*. Hihilingin sa mga mag-aaral na linisin ang kanilang mga telepono gamit ang disinfectant na pamunas kapag iiwan ito sa opisina tuwing umaga. Puwedeng buksan ang mga telepono gamit ang COVID SAFE app na kaagad na isinaaktibo bago at pagkatapos ng paaralan. Pinamamahalaang kapaligiran ang mga paaralan, kung saan kabilang ang mga rekord ng pagdalo ng mag-aaral, kawani, at bisita, na makatutulong sa contact tracing.

## Mental na kalusugan at kabutihan

Kung mayroon kang mga partikular na alalahanin tungkol sa mental na kalusugan at kabutihan ng iyong anak, pakiabusihan ang mga Katuwang na Punongguro sa lalong madaling panahon para matiyak na maa-access namin ang anumang available na serbisyo at suporta.

Pundasyon - Baitang 2: Anne McDonald

Baitang 3 hanggang Baitang 6: Mick Sweeney

Kabutihan: Kerry Bates

## Paglilinis

Nasimula at naipagpatuloy ang pinalawak at pinaigting na pag-aayos ng paglilinis. Kabilang dito ang progresibong paglilinis sa buong araw para matiyak na mabawasan ang panganib na malipat mula sa mga bagay na madalas hawakan.

## On-site na pagdalo

Isa sa mga pinakamahalagang aksyon na maaaring isagawa ng mga komunidad ng paaralan para bawasan ang panganib na malipat ang coronavirus (COVID-19) ay tiyaking mananatili sa bahay ang sinumang kawani, bata, at kabataan na masama ang pakiramdam.

Kahit pa napakababa ng panganib na malipat ang virus, dapat na indibiduwal na masuri ang kaangkupan ng on-site na pagdalo ng mga kawani o mag-aaral na may pinakamataas na panganib sa malalang sakit sa panahong ito sa tulong ng kanilang doktor.

Dahil nasa pagitan ng mga nasa hustong gulang ang pangunahing panganib na malipat ang coronavirus (COVID-19) sa kapaligiran ng paaralan, lilimitahan ang mga bisita sa bakuran ng paaralan para sa mga naghahatid o nagdadala ng mga pangunahing serbisyo at operasyon ng paaralan. Kung kailangang makipag-ugnayan ng mga magulang sa paaralan para sa anumang layunin, tawagan ang opisina ng paaralan.

### **Dapat manatili sa bahay ang lahat ng kawani at mag-aaral na may sakit.**

Ang mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral na may mga komplikadong pangangailangang medikal (kabilang iyong may mahinang resistensya), ay kailangang humingi ng payo mula sa doktor ng mag-aaral para tulungang magdesisyon kung angkop ang on-site na pag-aaral, na isinasaalang-alang na maaaring magbago ang payong ito depende sa estado ng coronavirus (COVID-19) pandemic sa Victoria. Alinsunod ito sa patakaran sa [Mga Pangangailangan sa Pangangalaga sa Kalusugan ng DET](#). Tutulungan ng paaralan ang alinmang pamilya na may karagdagang pangangailangan sa pagksang ito.

Ipinagpaliban ang mga pagtitipon, pamamasyal, pagka-camping at iba pang hindi mahalagang malaking pagdiriwang ng paaralan hanggang sa susunod na abiso.

### **Kalinisan**

Mapoprotektahan ng lahat ang kanilang sarili at maiiwasan ang pagkalat ng coronavirus (COVID-19) sa pamamagitan ng patuloy na pagsasagawa ng paglilinis ng kamay. Magpapatuoy ang mga pinaigting na hakbang sa kalinisan sa pagbalik sa on-site na pagtuturo at pag-aaral.

- Sasailalim ang lahat ng kawani at mag-aaral sa regulat na paglilinis ng kamay, lalo na sa pagdating sa paaralan, bago at pagkatapos kumain, pagkatapos suminga, umibo, bumahing o gumamit ng banyo. Pangangaiwaan at pangunguhanan ito ng mga kawani kung kinakailangan.
- Kung walang magagamit na sabon at tubig, magbibigay ng hand sanitiser sa bawat ginagamit na silid.
- Hindi papayagan ang mga mag-aaral na direktang uminom sa mga gripong inuman sa ngayon. Sa halip, dapat silang magdala ng sarili nilang bote ng tubig para gamitin (at muling lamanan) sa paaralan.

## **Pagdating at pag-alis sa paaralan**

Dahil nasa pagitan ng mga nasa hustong gulang ang pangunahing panganib na malipat ang coronavirus (COVID-19) sa kapaligiran ng paaralan, dapat iwasan ang malapit na distansya sa pagitan ng mga nasa hustong gulang na miyembro ng komunidad ng paaralan, lalo na habang naghahatid at sumusunod ng mga mag-aaral sa paaralan.

- Kailangang magsagawa ng mga hakbang sa pagkakaroon ng pisikal na distansya ang mga kawani at magulang sa pamamagitan ng hindi pagsasama-sama sa mga lugar sa loob at paligid ng paaralan.
- Kabilang sa mga kaayusan sa pagkakaroon ng pisikal na distansya at pagbawas sa interaksyon ng mga mag-aaral at mga nasa hustong gulang sa loob ng paaralan at sa mga pasukan ng paaralan ang:
  - paglalagay ng mga marka sa pasukan ng paaralan para hikayatin ang pagkakalayo-layo ng mga nasa hustong gulang
  - hindi pinapayagan ang mga magulang na pumunta sa paaralan at hinihiling sa kanila na makipag-ugnayan sa paaralan gamit ang telepono o email kung kinakailangan
  - Isasagawa ang mahahalagang pagpupulong sa pamamagitan ng video conferencing
  - Hindi dapat magkaroon ng pakikihalubilo ang anumang interaksyon para sumunod sa mga panuntunan sa pagsasagawa ng soial distancing
  - Posibleng magkakahiwalay na oras ng paghahatid at pagsundo para mabawasan ang bilang ng mga nasa hustong gulang na nagsasama-sama sa pasukan ng paaralan o sa labas ng mga silid-aralan kung kinakailangan